

Paghahanda ng iyong sanggol para sa mga pagsusuri

Makukuha ng audiologist ang mga pinakatumpak na resulta kung ang iyong sanggol ay mahimbing na natutulong sa panahon ng pagsusuri. Maaari kang makatulong sa pamamagitan ng:

- pagpapanatiling gising ang iyong sanggol ng ilang mga oras bago ang tipanan
- paghihintay na pakainin ang iyong sanggol bago magsimula ang pagsusuri
- pagdadala ng isang maginhawa, mainit na kumot
- pagkakaroon ng mga ekstrang lampin, kung sakaling kailanganin.

Ipagawa ang pagsusuri sa tamang panahon

Ang pinakamahasag na oras para isagawa ng isang audiologist ang pagsusuri sa pandinig ay kapag ang iyong sanggol ay halos dalawang buwang gulang. Bagama't na maaaring gusto mo itong gawin ng mas maaga, ang mga resulta ay hindi magiging kasing tumpak o kasing-daling makuha. Ikaw ay kokontakin upang gumawa ng tipanan para masuri ang iyong sanggol sa tamang panahon upang ang pinakatamang mga resulta ay maaaring matamo.

Magbantay para sa mga palatandaan ng kawalan ng pandinig

Mahalagang bigyan ng masusing atensyon ang pag-unlad sa pagsasalita at wika ng iyong sanggol, dahil ang mga problema ng pag-unlad sa pagsasalita at wika ay maaaring isang palatandaan ng kawalan ng pandinig. Ang mga palatandaan ng pag-unlad sa polyetong ito ay makakatulong sa iyong malaman kung ano ang dapat na bantayan.

Rehiyonal na mga Programa para sa Pagdinig ng Sanggol

Ang mga serbisyo ng Programa para sa Pagdinig ng Sanggol ng Ontario ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga rehiyonal na tanggapan.

Para sa impormasyon ng kontak mangyaring bisitahin ang www.ontario.ca/infantheating.

To order by phone:
1-800-668-9938
TTY: 1-800-268-7095

Or visit: www.serviceontario.ca/publications
Publication # 019586

Learn more: www.ontario.ca/children

Nov/2014 © Queen's Printer for Ontario

TAGALOG

Programa para sa Pagdinig ng Sanggol (Infant Hearing Program)



Programa para sa Pagdinig ng Sanggol

Ang iyong sanggol ay nakatanggap ng isang *isangguni* na resulta mula sa pagsusuri ng pandinig

Ang *isangguni* na resulta ay nangangahulugan na kailangan ng iyong sanggol ng isang pagsusuri para sa pandinig. Hindi ito palaging nangangahulugan na ang iyong sanggol ay bingi o nahihirapang makarinig.

Karamihan ng mga sanggol na nakatanggap ng isang *isangguni* na resulta ay may normal na pandinig. Kung minsan, ang labi sa kanal ng tainga o pagkilos sa panahon ng pagsusuri ay nagiging sanhi ng isang *isangguni* na resulta. Ang tanging paraan lamang upang alamin ito ay sa pamamagitan ng isang pagsusuri ng pandinig na isasagawa ng isang audiologist (espesyalista sa pandinig). Ang iyong rehiyonal na Programa para sa Pagdinig ng Sanggol ay mag-aayos ng isang tipanan para sa iyo sa isang audiologist na isang eksperto sa pagsusuri ng mga sanggol.

Aalamin ng pagtatasa ang mas higit pang impormasyon tungkol sa pandinig ng iyong sanggol kaysa sa pagsusuri para sa bagong silang. Mas inaabot ito nang matagal at maaaring kailanganin mo ang mahigit sa isang pagbisita.

Ang pagsusuri ng pandinig

Ang audiologist ay magsasagawa ng iba't-ibang mga pagsusuri. Sa bawat pagsusuri ang isang maliit na earphone ay dahan-dahang ilalagay sa tainga ng iyong sanggol. Ang isang pagsusuri ay sumusukat sa galaw ng salamin ng tainga (eardrum). Ang iba naman ay gumagamit ng isang maliit na mikropono upang tuklasin ang isang alingawngaw mula sa loob ng tainga. Ang pinakamahalagang pagsusuri ay sumusukat sa mga brainwave ng iyong sanggol bilang tugon sa mga ingay gamit ang mga maliit na madikit na electrode na inilagay sa noo at sa likuran ng mga tainga.

Ang lahat ng mga pagsusuring ito sa pandinig ay lubos na ligtas at hindi makakasakit sa iyong anak. Karamihan ng mga sanggol ay nakakatulog at hindi naaabala nito. Sa katotohanan ang mga ito ay gumagana nang pinakamahasag kapag natutulong ang iyong sanggol.

Kapag natapos na ang pagsusuri, ang audiologist ay makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga resulta. Ang karamihan ng mga sanggol ay nakikita na may normal na pandinig. Kung ang iyong sanggol ay mayroong kawalan ng pandinig, ikaw ay ituturo ng audiologist sa mga serbisyo at mga suportang magagamit upang tulungan ka at ang iyong sanggol.

Kailangan ng iyong sanggol ang isang pagsusuri sa pandinig

Mga palatandaan ng pag-unlad

Ang mga palatandaang ito ng pag-unlad ay nagpapakita ng ilang mga kasanayan na nagtatatak ng progreso ng mga maliliit na bata habang sila ay natututong makipag-usap. Mayroon ding mga ilang tip kung paano mo maaaring matulungan ang iyong anak sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagsasalita at wika. Kung hindi tumutugon ang iyong anak sa isa o mas higit pa sa mga palatandaang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Programa ng Pagsasalita at Wika para sa Preschool.



Sa ika-6 na buwan

- bumabaling sa pinagmumulan ng mga tunog
- nagugulat sa biglaan, malakas na mga ingay
- gumagawa ng naiibang mga iyak para sa iba-ibang mga pangangailangan — Nagugutom ako, napapagod ako
- pinanonood ang iyong mukha habang ikaw ay nagsasalita
- tumutugon sa iyong mga ngiti at mga tawa sa pamamagitan ng mga ngiti at tawa
- ginagaya ang mga pag-ubo o iba pang mga tunog – *ah, eh, buh*

Sa ika-12 buwan

- sumusunod sa isang utos —“upo”
- tumitingin sa kabila ng kuwarto kung saan ang iyong tinuturo
- gumagamit ng tatlo o higit pang mga salita
- gumagamit ng mga galaw upang makipag-usap-kumakaway ng “bye bye”, umiiling ang ulo ng “hindi”
- kinukuha ang iyong atensyon sa pamamagitan ng mga ingay, mga galaw at pagturo habang nakatingin sa iyong mga mata
- dinadala ang mga laruan sa iyo upang ipakita sa iyo
- “umaarte” para mapansin at mapuri
- pinaghahalu-halo ang maraming mga tunog na parang nagsasalita – *abada baduh abee*
- nagpapakita ng interes sa simpleng mga larawang aklat

Sa ika-24 na buwan

- sumusunod sa mga dalawang hakbang na utos — “Hanapin mo ang iyong teddy bear at ipakita ito kay Lola”
- gumagamit ng 100 o higit pang mga salita
- gumagamit ng dalawa man lang na mga panghalip — “ikaw”, “ako”, “akin”
- tuloy-tuloy na pinagsasama ang dalawa o higit pang mga salita sa maikling parirala — “sombbrero tatay”, “trak bumaba”
- natutuwing makisama sa ibang mga bata
- nagsisimulang mag-alok ng mga laruan sa mga kauri at ginagaya ang mga kilos at salita ng ibang mga bata
- naiintindihan na ng mga tao ang kanyang mga salita ng mga 50 hanggang 60 porsiyento ng panahon
- bumubuo ng mga salita at tunog ng madali at walang hirap
- hinahawakang patayo ang mga aklat sa tamang paraan at inililipat ang mga pahina
- “binabasahan” ang mga stuffed animal o mga laruan
- gumuguhit nang dalas-dalas gamit ang mga krayola

Gusto ng mga sanggol kapag ikaw ay:

- Bumababa sa kanilang taas para makita nila ang iyong mukha. Ito ay nagsasabi sa kanila na ikaw ay interesado sa kanilang ginagawa at sinasabi. Mas pinadadali nito na makipag-ugnayan sa iyo.
- Inuulit ang mga tunog na ginagawa nila. Natutuwa ang mga sanggol na gumawa ng mga ingay, at nagugustuhan nila kapag ginagaya mo sila ng paulit-ulit.
- Kumakanta at tumatawa, lalo na kapag pinapakain, pinapaliguan, at pinapalitan sila. Alalahanin na makipag-usap sa iyong sanggol sa buong maghapon tungkol sa mga bagay na ginagawa mo at nakikita — “Nagsusuot ang nanay ng coat”, “Iyon ay isang malaking trak”
- Sabihin sa kanila ang mga pangalan ng mga bagay na tinitignan at pinaglalaruan nila. Interesadong gumala at matuto ang mga sanggol tungkol sa mga bagong bagay, at nais nilang marinig kung anong tawag sa mga bagay-bagay.

Sa ika-9 na buwan

- tumutugon sa kanyang pangalan
- tumutugon sa kililing ng telepono o katok sa pinto
- naiintindihan kapag sinabihan ng “hindi”
- nakukuha kung ano ang kanyang gusto sa pamamagitan ng mga tunog at mga galaw hal., Umaabot upang magpakarga
- nakikipaglalaro ng mga sosyal na laro sa iyo hal. “it bulaga”
- nasisiyahang makisama sa mga tao
- ngumangawa at inuulit ang mga tunig – *babababa, duhduhduh*

Sa ika-18 buwan

- naiintindihan ang mga konsepto ng “loob at labas”, “patay at bukas”
- naituturo ang maraming bahagi ng katawan kapag tinanong
- gumagamit ng 20 man lang na salita
- sumasagot na gamit ang mga salita o kilos sa simpleng mga tanong — “Nasaan si teddy?”, “Ano yan?”
- naglalaro ng kunwa-kunwarian sa mga laruan — binibigyan ng inumin ang teddy
- nagsasalita ng kahit na apat man lang na magkakaibang tunog ng konsonante – *b, n, d, g, w, h*
- natutuwa kapag binabasahan at tumitingin sa simpleng mga aklat na kasama ka
- tinuturo ang mga larawan gamit ang isang daliri

Sa ika-30 buwan

- naiintindihan ang mga konsepto ng sukat (malaki/maliit) at dami (kaunti, madami, higit pa)
- gumagamit ng ilang gramatika ng matanda — “dalawang mga mansanas”, “ibong *lumilipad*” “ako ay *tumalon*”
- gumagamit ng mahigit sa 350 mga salita
- gumagamit ng mga salitang aksyon — takbo, natapon, nahulog
- nagsisimulang makipagsalitan sa ibang mga bata, gamit ang parehong mga laruan at salita
- nagpapakita ng malasakit kapag ang ibang bata ay nasaktan o nalungkot
- pinaghahalo ang iba-ibang mga aksyon sa paglalaro — pinapakain ang manika pagkatapos pinapatulog ito; nilalagay ang mga bloke sa tren at pagkatapos ay pinapaandar at ibinabagsak ang mga bloke
- naglalagay ng tunog sa simula ng halos sa karamihan ng mga salita
- bumubuo ng mga salita na may dalawa o higit pang mga pantig o kumpas — “sa-ging”, “kom-pyu-ter”, “man-sa-nas”
- nakakakilala ng mga pamilyar na logo at mga palatandaan — palatandaan ng hinto
- natatandaan at naiintindihan ang mga pamilyar na kuwento

Gusto ng mga batang paslit kapag ikaw ay:

- Pumapayag na hawakan nila at hipuin ang mga aklat habang tinuturo mo at pinapangalanan ang mga larawan.
- Gumagamit ng mga tunay na salita kaysa sa salita ng sanggol — “bigyan mo ako” sa halip na *ta ta* o “tubig” sa halip ng *wawa*.
- Gumugugol ng panahon na makinig sa kanila — nais nilang marinig mo ang lahat ng kanilang mga bagong tunog, salita at ideya.
- Nagbibigay sa kanila ng mga simpleng utos upang sundin — “Hanapin mo ang iyong pulang mga bota”.
- Gumagamit ng ibat-ibang mga salita kapag nakikipag-usap sa kanila — mga magkasalungat na salitang tulad ng itaas/ibaba, loob/labas; mga salitang aksyon tulad ng “tumatakbo”, “tumitilamsik”, at naglalarawan na mga salitang tulad ng “masaya”, “malaki”, “maliit”, “malinis”, “madumi”.
- Hinihimok mo silang makipaglaro sa ibang mga bata— sa aklatan, mga grupong laruan, parke.